

APPLICATION

- Naniniwala ka ba na kaya ng Diyos na gumawa ngayon ng himala sa buhay mo at sa pamamagitan mo? Kung naniniwala ka na ito ay totoo, ano ang isang partikular na bagay ang maaari mong gawin tungkol dito?
- Sa anong bahagi ng iyong buhay mo kailangang kumilos batay sa iyong pananampalataya? Paano mo magagawang ituro ang mga tao papunta sa Diyos sa pamamagitan ng paraan mo ng pamumuhay?
- Kanino mo magagawang ihayag ang ebanghelyo ngayong linggo?

PRAYER


- Pasalamatang ang Diyos dahil sa pagkilos Niya sa ating mga buhay, at sa paggawa Niya ng mga himala maging sa kasalukuyan.
- Ipanalangin na lalong lumakas ang pananampalataya sa Diyos ng bawat miyembro ng iyong grupo. Maniwala na gagawa ang Diyos ng mga kamangha-manghang bagay at mga himala upang mas marami pang tao ang makakilala at maglingkod sa Kanya.
- Mamagitan para sa iyong pamilya, kaibigan, kamag-aral, at kasama sa trabaho na wala pang relasyon sa Diyos. Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos upang buong tapang na ihayag sa kanila ang ebanghelyo.



VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph



NOTES

WARM-UP

- Kung ikaw ay mabibigyan ng kakaibang kakayanan o "super power" ano ang pipiliin mo? Bakit ito ang gusto mo?
- Naranasan mo na ba ang maligaw habang ikaw ay naglalakbay sa ibang lugar? Ibahagi ang iyong karanasan? Paano ka nakarating sa dapat mong puntahan?
- Sino ang pinakamagaling na mananalaysay o "storyteller" na kilala mo? Ano ang nagustuhan mo sa paraan niya ng pagkukuwento?

WORD

Maraming himala at kamangha-manghang ginawa ang mga apostol sa mga tao. Laging nagtitipon ang lahat ng mga mananampalataya sa Balkonahe ni Solomon. **MGA GAWA 5:12**

Nang makatanggap ang mga disipulo ng Banal na Espiritu at kumilos ayon sa Kanyang kapangyarihan, maraming tao ang naligtas. Bilang mga Kristiyano, ano man ang ating gawin, dapat nating maintindihan na hindi ang ating sariling mga kakayanan ang magdadala ng mga tao sa Diyos. Sa halip, ang Espiritu ng Diyos ang dahilan kung paano nakikilala ng tao ang Diyos. Sa araling ito, sa pamamagitan ng mga nangyari sa aklat ng Mga Gawa, matutuklasan natin kung paano natin magagawang magtiwala sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu para sa paghahayag ng ebanghelyo.

1 Maniwala na gagawa ang Diyos ng mga himala.

Maraming himala at kamangha-manghang ginawa ang mga apostol sa mga tao. Laging nagtitipon ang lahat ng mga mananampalataya sa Balkonahe ni Solomon. **MGA GAWA 5:12**

Bago natin makita ang mga himala ng Diyos sa ating buhay, kailangan muna nating maniwala na kaya itong gawin ng Diyos. Sinabi sa Bibliya na dapat tayong mamuhay batay sa ating pananampalataya at hindi batay sa ating mga nakikita (2 Corinto 5:7). Paano dapat makita ang ating pananampalataya sa ating buhay? (Hebreo 11:1)

.....

.....

.....

2 Ituro ang mga tao papunta sa Diyos.

¹⁴Sa kabila nito, nadagdagan pa ang bilang ng mga lalaki at babaing sumasampalataya sa Panginoon. ¹⁵Dahil sa mga himalang ginawa ng mga apostol, dinala ng mga tao ang mga may sakit sa tabi ng daan at inilagay sa mga higaan, para pagdaan ni Pedro ay madadaan sila kahit anino man lang nito. **MGA GAWA 5:14,15**

Ang layunin ng paggawa ng mga bagay na kamangha-mangha ay ang ituro ang mga tao papunta sa Diyos. Sa tuwing tayo ay kikilos batay sa ating pananampalataya at gagawa ng kagustuhan ng Diyos, Siya ay gagawa ng mga himala sa buhay ng tao. Ang mga himalang ito ang magiging dahilan upang makilala ng tao ang ebanghelyo at ang pagmamahal ng Diyos. Paano mo nasaksihan ang kakayanan ng paggawa ng mga bagay na kamangha-mangha na ipakita ang katotohanan ng kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos?

.....

.....

.....

3 Magtiyaga sa pagpapahayag ng ebanghelyo.

Araw-araw ay pumupunta sila sa templo at sa mga bahay-bahay, patuloy ang kanilang pagtuturo at pangangaral ng Magandang Balita na si Jesus ang Kristo. **MGA GAWA 5:42**

Sa kabila ng mga hadlang, ang unang iglesia ay lumago at ang ebanghelyo ay patuloy na lumaganap. Patuloy na dumami ang mga taong nanampalataya kay Jesus. Dahil natanggap natin ang Banal na Espiritu, magagawa nating magtiyaga sa pagpapahayag ng ebanghelyo. Gaano kadalas at saan inihayag ng mga disipulo ni Jesus ang ebanghelyo? Ano ang maaari nating matutunan sa talatang ito mula sa Bibliya?

.....

.....

.....